

Impormasyon tungkol sa Human Papillomavirus (HPV) Catch-up na Programa sa Pagbabakuna

Inilunsad ng Departamento ng Kalusugan (Department of Health, DH) ang catch-up na programa sa one-off na pagbabakuna ng human papillomavirus (HPV) sa panahon ng 2024/25 taon ng pag-aaral, ibibigay ang catch-up pagbabacuna nang libre sa mga babaeng residente ng Hong Kong na ipinanganak sa pagitan ng 2004 at 2008 na hindi sakop ng Hong Kong Childhood Immunization Programme, upang mapahusay ang kaligtasan ng mga tao laban sa mapanganib na human papillomaviruses, sa gayo'y pinipigilan ang cervical cancer.

Ano ang HPV?

HPV ang pangalan sa grupo ng mga mikrobiyo na kinabibilangan ng mahigit sa 150 genotype. Halos 40 sa mga ito ang nakakahawa sa genital area. Maaring magsanhi ng premalignant na mga pagbabago at malignant na mga kanser sa cervix, ari ng babae, vulva at anus ang ilang mga uri ng HPV.

Ano ang bakuna sa HPV?

Isang prophylactic na bakuna para pigilan ang cervical cancer pati na ang iba pang kanser o sakit na nauugnay sa HPV ang bakuna sa HPV. Sa Hong Kong, binibilang sa halos 90% ng mga kaso sa cervical cancer ang HPV-16, 18, 31, 33, 45, 52, 58. Kasama ang lahat ng pitong genotype sa itaas sa 9-valent na bakuna sa HPV.

Bakit kailangan kong makatanggap ng HPV catch-up na pagbabakuna?

Matapos suriin ang pinakabagong maka-agham na ebidensya sa ibang bansa at lokal, na isinasaalang-alang ang pinakabagong mga rekomendasyon ng World Health Organization at praktikal na karanasan sa ibang bansa, inirekumenda ng Maka-agham na Komite sa Mga Sakit na Napipigilan ng Bakuna sa ilalim ng Sentro para sa Proteksyon ng Kalusugan ng DH noong 2022 na palawakin ang target na grupo para sa human papillomavirus na bakuna sa mas matatandang mga batang babae na may edad 18 pababa.

Paano makatanggap ng pagbabakuna sa HPV sa ilalim ng programang ito?

Ipapatupad ang programa sa tatlong yugto sa halos dalawang taon.

Tina-target ng unang yugto ang mga full-time na babaeng estudyante (kabilang ang mga sekondaryang seksyon ng mga espesyal na paaralan) na nag-aaral ng Secondary Five o mas mataas (o isang katumbas na grado) sa Hong Kong.

Sasabak ang mga sekundaryang paaralan sa mga kalahok na koponan ng outreach na pagbabakuna para magbigay ng libreng bakuna sa HPV sa mga karapat-dapat na babaeng estudyante.

Tina-target ng ikalawang yugto ang mga babaeng residente ng Hong Kong na nag-aaral sa mga lokal na post-secondary na institusyon o unibersidad na ipinanganak sa pagitan ng 2004 at 2008. Magbibigay ng mga serbisyong catch-up na pagbabakuna sa HPV ang mga koponan ng outreach na pagbabakuna o mga serbisyo sa pangangalagang pangkalusugan na mga klinika ng mga institusyon.

Target ng ikatlong yugto ang mga babaeng residente ng Hong Kong na ipinanganak sa pagitan ng 2004 at 2008 na nakatapos ng kanilang pag-aaral sa Hong Kong, ibibigay ang mga serbisyong catch-up na pagbabakuna ng mga sentro ng pangangalaga sa kalusugan ng komunidad.

Ano ang posibleng masasamang epekto ng mga bakuna sa HPV?

Ligtas sa pangkalahatan ang mga bakuna sa HPV. Walang mga seryosong reaksiyon ang karamihan sa mga mag-aaral pagkatapos matanggap ang pagbabakuna sa HPV. Katulad sa ibang mga pagbabakuna ang karaniwang masasamang epekto, gaya ng:

- (1) Bahagya at panandaliang masasamang epekto, kabilang ang sakit ng ulo, pagkahilo, pagduduwal at pagkapagod.
- (2) Pananakit, pamumula o pamamaga sa bahaging pinagturukan ng iniksyon.
- (3) Lagnat.

May anumang alalahanin sa kaligtasan sa bakuna ng HPV?

Ginamit na ang mga bakuna ng HPV sa buong mundo ng maraming taon. Pagkatapos ng malawak na pagsusuri ng siyentipikong ebidensya at impormasyon tungkol sa mga salungat na reaksiyon kasunod ng pagbabakuna sa HPV, napagpasyahan ng World Health Organization at mga awtoridad sa kalusugan sa ibang bansa na ligtas at mabisa ang mga bakuna sa HPV, at walang ebidensya na magdudulot ng malubha na masamang epekto ang pagbabakuna sa HPV.

Bakit ibinibigay ang bakuna sa HPV sa murang edad? Maghihikayat ba ng premature na pakikipagtalik ang pagtanggap ng bakuna?

Pinakamahasag na gumagana ang mga bakuna sa HPV para sa mga kababaihan na hindi pa nalantad sa impeksyon ng HPV at inirerekomenda samakatuwid para sa mga batang babae na may naaangkop na edad bago ang sekswal na pakikipagtalik. Ipinakita ng pananaliksik na hindi ginagawang mas malamang na maging aktibo

sa pakikipagtalik ang mga bata o magsimulang makipagtalik sa mas batang edad ang pagkuha ng bakuna sa HPV.